



Hesus, Daan ng Matuwid na Pamumuhay



(Pambungad na Panalangin, sa pinakahuling pahina)

I. ANG TATLONG PAGBASA

UNANG PAGBASA (Ka 9:1-6)

¹GUMAWA na ng tirahan itong karunungan, na itinayo niya sa pitong patibayan. ²Nagpatay s'ya ng hayop, nagtimpla ng inumin, ang mesa ay inihanda, punong-puno ng pagkain. ³Katulong ay isinugo sa gitna nitong bayan, upang lahat ay abutin ng ganitong panawagan:

⁴“Ang kulang sa kaalaman, **dito ay lumapit.**”

Sa mga walang muwang ay ganito ang sinambit:

⁵“**Halikayo**’t inyong kainin ang pagkain ko, at tunggain ang inuming inilaan ko sa inyo. ⁶Lisanin ang kamangmangan upang kayo ay mabuhay, at ang landas ng unawa ang tahakin at daanan.”

Tema: **Paanyaya na Tumahak sa Daan ng Karunungan**

PAGNINILAY

Ang Karunungan ay ipinakilala sa atin sa katauhan ng isang nanay ng tahanan na naghanda ng isang napakasarap na bangkete nang sa ganoon ay ang mga taong

nangangailangan ay mabubusog sa kanyang handa na mula sa Diyos.

**SALMONG TUGUNAN (Slm 33)
MAGSUMIKAP TAYONG KAMTIN ANG
PANGINOONG BUTIHIN.**

IKALAWANG PAGBASA (Ef 5:15-20)

¹⁵MGA KAPATID, ingatan ninyo kung **paano kayo namumuhay**. Mamuhay kayo tulad ng **matatalino**, at di tulad ng mga mangmang. Sapagkat masama ang takbo ng daigdig, ¹⁶samantalain ninyo ang bawat pagkakataon na kayo’y makagawa ng mabuti. ¹⁷Huwag kayong mga hangal. Unawain ninyo kung ano ang kalooban ng Panginoon.

¹⁸Huwag kayong maglalasing, sapagkat nakasisira iyan ng maayos na pamumuhay. Sa halip ay sikapin ninyong mapuspos kayo ng Espiritu Santo. ¹⁹Sama-samang ipahayag ang inyong damdamin sa pamamagitan ng mga salmo, mga imno, at mga awiting espirituwal. Buong puso kayong umawit at magpuri sa Panginoon. ²⁰Lagi kayong magpasalamat sa Diyos at Ama dahil sa lahat ng bagay, sa pangalan ng ating Panginoong Hesukristo.

Tema: **Ang Mamuhay na Tigib ng Karunungan**

PAGNINILAY

Pinapatuloy ng Ikalawang Pagbasa ang imahen ng bangkete, ngunit idinidiin na dapat hindi tayo malasing sa alak ng mga gawain ng laman, sa halip ay mapuno sa mga pamamaraan ng Espiritu Santo at mga pinapahalagahan nito.

MABUTING BALITA (Jn 6:51-58)

⁵¹NOONG panahong iyon, sinabi ni Hesus sa mga tao: “Ako ang **pagkaing nagbibigay-buhay** na bumaba mula sa langit. Mabubuhay magpakailanman ang sinumang kumain nito.

At ang **pagkaing ibibigay ko sa ikabubuhay** ng sanlibutan ay ang aking laman.”

⁵²Dahil dito’y nagtalu-talo ang mga Judio. “Paanong maibibigay sa atin ng taong ito ang kanyang laman upang kanin natin?” tanong nila. ⁵³Kaya’t sinabi ni Hesus, “Tandaan ninyo: malibang kanin ninyo ang laman ng Anak ng Tao at inumin ang kanyang dugo, hindi kayo magkakaroon ng **buhay**. ⁵⁴Ang kumakain ng aking laman at umiinom ng aking dugo ay **may buhay na walang hanggan**, at muli ko siyang **bubuhayin** sa huling araw. ⁵⁵Sapagkat ang aking laman ay tunay na pagkain, at ang aking dugo ay tunay na inumin. ⁵⁶Ang kumakain ng aking laman at umiinom ng aking dugo ay nananahan sa akin, at ako sa kanya. ⁵⁷**Buháy** ang Amang nagsugo sa akin, at ako’y **nabubuhay** dahil sa kanya. Gayon din naman, ang sinumang kumain sa akin ay **mabubuhay** dahil sa akin. ⁵⁸Ito ang pagkaing bumaba mula sa langit; ang kumakain nito’y **mabubuhay** magpakailanman. Hindi ito katulad ng kinain ng inyong mga magulang sa ilang; namatay sila bagamat kumain niyon.”

Tema: **Si Hesus na Tinapay na Buhay, ay Nagbibigay ng Buhay na Walang Hanggan**

PAGNINILAY

Ang katuparan o tagumpay ng ating misyon ay hindi nakasalalay sa mga kagamitan lamang kundi sa ating pagkasimple at payak, taospusong pakikipag-ugnayan, pagpapakatotoo at katapangan.

II. PAG-UUGNAY

Ang Unang Pagbasa ay tungkol kay Karunungan na naghanda ng isang salu-salo sa mga masugid na nakikinig upang sila ay lumago sa daan ng karunungan.

Nakatuon ang Ikalawang Pagbasa sa isang taong napuspos ng Banal na Espiritu na nabubuhay ng buong karunungan habang sumusunod siya kay Kristo kahit napaligiran siya ng kasamaan.

Ang Mabuting Balita ay nagbibigay diin ng tunay na katangian ni Hesus: Siya ang Buhay na Tinapay mula sa langit at sino man ang nakibahagi sa Kanya ay magkaroon ng buhay na walang hanggan.

III. SALAMIN NG BUHAY

1. Mga mababait na mga drayber ng taxi sa panahon ng kompetisyon ng Grab at ordinaryong taxi laban sa mga tamad at mapiling mga drayber.

2. Alalahanin natin ang mga *marriage counselors* at *guidance counselors* na naging bahagi ng ating buhay.

3. Sa panahon ng *fake news*, sinu-sino ang mga guro na meron pang kredibilidad? (HM)
-Pagpapaliwanag: **Br. Hansel Mapayo, SSP**
(Pangwakas na Panalangin)





BIBLE APOSTOLATE LECTURE SERIES:

SAN ROQUE PARISH

Cabrera St., Pasay City
SABADO, 7:30-9:30 PM







- **AGOSTO 25, 2018-** Fr. *Khris Llacer SSP*,
Gospels
- **SETYEMBRE 15, 2018-** Fr. *Gil Alinsangan, SSP*
Pauline Letters and Hebrews
- **OCTOBRE 18, 2018-** Rev. *Albert Garong, SSP*
Catholic Letters
- **NOBYEMBRE 18, 2018-** Fr. *Khris Llacer SSP*,
Revelations

MGA LIBRO NI MICHAEL GAITLEY, MIC



MGA BAGONG LIBRO NG ST PAULS...

ROMAN MISSAL
NA ENGLISH AT
FILIPINO



PAMBUNGAD NA PANALANGIN

Kristo, aming Panginoon, Ikaw ang Daan, ang Katotohanan at ang Buhay. Itulot mong makamit namin ang Iyong dakilang pag-ibig sa pamamagitan ng iyong Apostol na si San Pablo at ng Simbahang Katolika. Ipadala Mo sa amin ang Iyong Banal na Espiritu upang maalaala namin ang lahat na Iyong mga ipinangangaral.

Luwalhati sa Ama, sa Anak at sa Espiritu Santo. Kapara ng sa una, ngayon at magpakailanman at magpasawalang hanggan. Amen.

Kung nais po ninyong makatulong sa ating *Biblical Apostolate*, maari pong magdonate ng *legal size na bond paper* sa:

ST PAULS Ads and Promo Office c/o **Rizaldy Cruz**
7708 ST PAUL Road, San Antonio Village, Makati City
Tels: 895-37-16; 890-7130

PANGWAKAS NA PANALANGIN

O Hesus na Dakilang Guro, ikaw ang Salita ng Buhay na walang hanggan. Sumasampalataya kami sa Iyo Panginoon at Katotohanan. Palaguin Mo nawa ang aming pananampalataya. Iniibig ka namin, Panginoon at Daan, nang buo naming lakas dahil iniutos mo sa aming sundin ang Iyong mga Kautusan nang walang pasubali. Nananalangin kami sa Iyo, O Panginoon at Buhay, sinasamba Ka namin, pinupuri Ka namin, at pinasasalamatang dahil sa kaloob mong Banal na Kasulatan. Kasama si Maria, maalala sana namin at mapangalagaan ang Iyong mga Salita sa aming kaisipan at mapagnilay-nilayan ang mga ito sa aming puso.

Pangoong Hesus, ang Daan, ang Katotohanan, at ang Buhay, maawa Ka sa amin.
Luwalhati... (mula sa *Prayers of the Pauline Family*)